

Mga Hakbang upang mapigilan ang pagkalat ng impeksyon sa panahon ng Tag-sibol Para sa mga residente ng Hokkaido

Abril 18, 2022 Hokkaido

- Sa gitna ng pag-aalala tungkol sa mabilis na nakakahawang BA.2, na nagiging pangunahing puersa, kaya kami ay nagdesisyon na humiling nang kooperasyon sa mga residente ng Hokkaido (tatlong hiling) upang mapigilan ang mabilis na pagkalat ng impeksyon.
- Aming ipagpapatuloy ang pag-iingat sa pagsubaybay sa kalagayan nang impeksyon at pag-aaralan ang mga hakbang na kakailanganin.

Tatlong pagkilos na hiling mula sa mga taga Hokkaido

Mga Hiling/mga event para sa ibang mga trabaho

Tatlong Pagkilos na hiling mula sa mga taga Hokkaido

24(9) Special Measures Law

1 Sa pang araw-araw

- Iwasan ang 3Cs, ugaliin ang pisikal na distansya, magsuot ng mask, disimpektahin ang mga kamay, siguruhin ang bentilasyon
 - Iwasan ang masisikip na lugar at mga lugar na may mataas ang panganib ng impeksyon
- Kapag makikipagkita sa hindi dating nakakasalamuha, o kaya may mataas na panganib na maaaring magkasakit, ibayong pag-iingat at masusing pagsasakatuparan ng mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon.
- Kapag magbibiyaha sa pagitan ng mga prepektura, isakatuparan ang mga masusing hakbang upang mapigilan ang impeksyon, pigilan ang mga gawain sa lugar na inyong patutunguhan kung may panganib nang impeksyon.

2 Pagkain sa labas,

- Gawing maigsing oras, iwasang uminom ng marami, iwasan ang malakas na boses, magsuot mask habang nag-uusap
 - Pakiusap at pag-ukulan ng pansin ang pagsasakatuparan ng mga hakbang kapag magtitipon nang maramihan o sa mga taong hindi laging nakakahalubilo
 - Piliin ang mga restawran atbp. Na may opisyal na Sertipikasyong taglay mula sa 'Hokkaido Restaurant Infection Prevention Measures', at nakikiusap na sumunod sa mga panlabang hakbang sa impeksyon at ang mga panuntunan na ayon sa mga restawran, bar atbp.
 - Sa nga restawran atbp., sundin ang mga nakasulat na bagay sa pagkontrol ng impeksyon.
 - Kumuha ng opisyal na Sertipiko mula sa 'Hokkaido Restaurant Infection Prevention Measures Certification.' (Tumawag upang makipagkooperasyon)

3 Kung nag-aalala na ikaw ay nahawahan ng COVID-19,

- Anuman ang iyong bakunang sitwasyon, magpatingin. (Para lamang sa walang sintomas.)
 - Kung ikaw ay may sintomas gaya nang lagnat, bumisita sa medical institution, at pigilan lumabas ng walang saysay.

Mga ibang hiling para sa mga May-ari ng Negosyo

24(9) Special Measures Law

● Para sa lugar ng trabaho, sumunod sa industry-specific guidelines

(Mga Preschool/Nursery, Certified centers para sa pang-kabataang maagang pag-tuturo at alaga, Mga pang Matandang luar atbp,

- Isakatuparan ang mahigpit na patakarang pangkalusugan, at siguraduhin na makakapagpahinga ang isang tauhan kung sila ay magkaroon ng sintomas gaya ng lagnat, atbp.
- Bilang karagdagan sa pangangasiwa ng preparasyon sa pagsilakbo ng impeksyon, gayun rin ang panustos na mabigyan ang isang tauhan na makakuha ng booster na bakuna kung nais nila.
- Sa mga institusyon na pang matanda, atbp., isakatuparan ang masusing pang-kontrang hakbangin laban sa impeksyon base sa “Infection prevention measures guidebook for Nursing Care Sites” at makipagtulungan sa mga may kinalamang sangay sa Hokkaido at ang mga munisipyo, kasama na rin ang mga health centers, upang maseguro ang Sistema ng suporta para sa pagkontrol ng impeksyon at medical care.
- Sa mga preschool/Nursery at mga Sertipikadong Lunsuran sa maagang pagtuturo na pang-bata, isakatuparan ang masusing pang-kontrang hakbangin laban sa impeksyon base sa “Infection prevention measures guidebook for Nurseries,” at siguruhin na ang mga batang may mga sintomas gaya ng lagnat ay mapigilan na pumunta sa mga institusyon na ito.

Mga Institusyong pang-edukasyon

- Ikumpirma na ang mga hakbang na pang-kontra sa impeksyon sa loob ng eskwelahan ay naipapatupad nang tama alinsunod sa hygiene management manual at siguruhin ang masusing pagsasakatuparan ng pang-kontrang hakbang sa impeksyon sa lahat ng mga aktibidades sa eskwelahan, atbp.. At kahit ang lahat ay naipapatupad, mag-ingat at isipin ang posibilidad na mataas na panganib ng impeksyon
 - Pag-isipan ng may-ingat at isipin na mataas ang panganib ng impeksyon sa mga aktibidades (Para sa mga grupong kailangang tumigil ng isang gabi, e.g. Field trips, mga Pag-aaral na kailangang tumigil ng isang gabi , atbp.), at siguraduhin na ang mga aktibidadesna gaya nito ay isinasagawa lamang dahil mayroong pahintulot at pang-unawa mula sa mga magulang o tagapag-alaga ng mga mag-aaral.
 - Ang mga Club activities ay dapat ginagawa ng maingat, sa oras, bilang ng tao, at lugar, atbp. Ay isinasaalang-alang. Ang mga Aktibidades kung saan hindi maipapatupad nang sapat ang mga hakbang na pang-kontra sa impeksyon ay dapat kanselahin Madalasang pagpapatingin ay dapat ipatupad, at ang sistemang pang malawakan na patnubay ng eskwelahan ukol sa impeksyon ay dapat itatag. Gayun rin sa, ensayo ng mga laro o mga kampo ng pagsasanay na isinaayos kasama ng mga ibang eskwelahan, dapat ipatupad ang pang-kontrang hakbang sa impeksyon alinsunod sa mga patnubay ng bawat kasaling organisasyon.
- Mga Unibersidad, Kolehiyo ng Bokasyonal, atbp., dapat kumuha ng angkop na hakbang upang malimitahan ang pagkalat ng impeksyon sa magkabilang parte at mapagtibay ang pagkakataon na matuto ng paggamit ng online at ang in person na mga Klase ay angkop. Bilang karagdagan, kailangang mayroong masusing babala at paliwanag ukol sa pagpapatupad ng mga hakbang ukol sa impeksyon para sa mga extracurricular activities

Requests regarding events

Ang pinakamaraming bilang na pinapayagang dumalo ay ang “Pinakamaraming Dadalo,” o “Pinakamataas na kapasidad,” alinman ang kaunti (ang dalawang kondisyon ay kailangang mapasunod)

24(9) Special Measures Law

Impeksyon Pagpigil Hakbangin Kaligtasan Plano	Pinakamaraming Dadalo	Pinakamataas na Kapasidad	
Walang plano	5,000 katao, o 50% ng pinakamataas na kapasidad, alinman ang mas malaki	Walang Pag-iingay/Malakas na Boses	Hindi hihigit sa 100% (Wastong distansya sa pagitan ng mga tao kung walang nakalaang upuan)
		Pag-iingay/Malakas na Boses	Hindi hihigit sa 50% (Wastong distansya sa pagitan ng mga tao kung walang nakalaan na upuan)
May plano	100% Kapasidad	Hindi hihigit sa 100% (ipinagpapalagay na walang Pag-iingay/Malakas na Boses)	

*1Pag-iingay/Malakas na Boses ay tumutukoy sa “mga dumadalo ng paulit-ulit sa mga event o patuloy ang pagsasalita o pagsigaw, atbp. Na mas mataas ang tono kesa normal” at ang ganitong gawain ay nakakahikayat o kaya hindi maipasunod ang sapat na mga hakbang sa pagpigil ng impeksyon na kinakailangan.

* 2 Ang “Mga Hakbang sa Pagpigil Ng Impeksyon Kaligtasang Plano,” ay diniditalye ang partikular na pamamaraan at mga hakbang na ipapatupad upang maseguro ang epektibong mga hakbang sa pagpigil ng impeksyon para sa bawat event (para sa mga event kung saan ang dami ng dadalo ay lampas 5,000 at ang kapasidad ay lampas 50%, ang plano ay dapat isumite hanggang dalawang linggo bago maganap ang event)

Pagsuot ng mask sa labas

Ang mga temperaturang mataas at humidity ay dagdag sa panganib ng heatstroke

- Sa lantarang lugar kung saan may sapat na **distansyang pisikal ng bawat isa ay tiyak** (2m o higit,) ang pagtanggap ng inyong mask ay rekomendado .
- **Ang mga bata lalung-lalo na ang mga may kahirapan sa pagtanggap ng sariling mask dahil sa edad** o development level. Samakatwid, hindi sila kailangang magsuot ng mask.